


Tomo XXXI Blg. 4 Abril 2001

Editoryal

Sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo

Paghandaan ang mas malalaki pang laban, kamtin ang mas malalaki pang tagumpay!





www.angbayan.org

NILALAMAN

SA ILALIM NG REHIIMENG
MACAPAGAL-ARROYO:
(1)Editoryal:Paghandaan ang mas
malalaki pang laban, kamtin ang mas
malalaki pang tagumpay! (4) Patuloy
na dumadausdos ang ekonomya ng
bansa (7) Tunggalian at aregluhan
sa hanay ng naghaharing-uri (10)
Pahayag ni Ka Roger hinggil sa pagaresto kay Estrada (11) Nagpapatuloy
ang pananalanta ng pasistang estado

12 Cordillera Central Agricultural
Programme: Pagsasamantala sa likod
ng "tulong pangkaunlaran"

14 Maj. Noel Buan: Bihag ng digma, pinalaya na ng BHB

16 Mga balita sa pakikibaka

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Maaaring makuha ang pinakahuling isyu ng **Ang Bayan** sa internet. Magtungo sa

www.angbayan.org

Tatanggap din ng mga liham sa

editors@angbayan.org

Walang naipakikitang direksyon ang rehimeng Macapagal-Arroyo tungo sa pag-ahon ng minana nitong ekonomya mula sa kinalulugmukang krisis na mas malala kaysa kailanman sa nakaraan. Walang palatandaang babaligtarin ng naghaharing rehimen ang pagtataguyod sa imperyalistang "globalisasyon" at mga patakarang liberalisasyon, deregulasyon, denasyunalisasyon at pribatisasyon, na pawang nagwawasak sa kabuhayan at nagdaragdag ng pasanin sa balikat ng masang anakpawis sa bansa. Lalo pang lalala ang krisis pang-ekonomya sa harap ng pagtumal at pagtungo sa resesyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Walang binabago sa kontra-rebolusyonaryo at mapaniil na pagharap ng reaksyunaryong sandatahang pwersa sa mga rebolusyunaryong pwersa at masa, kahimat pumapasok na ang rehimen sa usapang pangkapayapaan sa NDFP at MILF. Patuloy na nakapananaig sa rehimen ang malakas na presyur at impluwensya ng mga militarista.

Sa kabila ng pagkatalo sa ngayon at pagkaaresto ni Estrada at mga mayor niyang kasapakat, nananatiling sutil, mapanggulo at mapanganib ang napilayang kampong Estrada.

Nagpapakitang-gilas ang kampong Estrada na dinedestabilisa ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa pamamagitan ng bayaran at binaluktot na bersyon nila ng pag-aalsang mamamayan sa EDSA. Mapagpanggap na tinatagurian nila itong 'EDSA 3'. Walang tatamasahing istabilidad ang bagong luklok na rehimen at higit pang titindi at hahantong sa mas mataas na antas ang hidwaan sa hanay ng mga reaksyunaryo

Lumakas nang higit kailanman ang Partido at rebolusyonaryong kilusan bunga ng mga naipong tagumpay sa pagpapalawak at pagpapalakas ng rebolusyonaryo at progresibong hanay sa buong proseso ng wala pang katumbas na lahatang-panig na pagsusulong ng mga gawain sa rebolusyon. Napakahalagang salik din ang mahusay nating pagkakapusisyon sa matagumpay na kilusang protesta at pag-aalsa at pamumuno sa makabuluhang bahagi nito.

Higit kailanman, nasa mahusay na tuntungan ngayon ang pambansa-demokratikong rebolusyon para harapin ang mas mabibigat pang laban at kamtin ang mas malalaki pang tagumpay.

Muli nating inilalahad ang naisaad nang mga tungkulin natin sa kasalukuyang sitwasyon:

Ipursige at ibayong palawakin at palalimin ang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa iba't ibang sektor ng mamamayan. Anihin at konsolidahin ang mga tagumpay sa pakikibaka para sa pagbabagsak ng rehimeng Estrada at mangahas sa mas malawak pang pag-abot,

pag-impluwensya, pagorganisa at pagpapakilos sa mamamayan, laluna sa hanay ng batayang masa at mga demokratikong sektor. Irekluta sa Partido ang



pinakasulong at pinakadesidido sa rebolusyon.

↑ Igiit ang pag-uusig at pagpaparusa kay Estrada at mga kasapakat niya. Pagsilbihin ang pakikibakang ito sa pagsusustine ng militansya ng malawak na masang namulat at napakilos sa kilusang protesta at pag-aalsa, sa pagbabantay sa bagong gubyerno at sa pagpapalawak ng saklaw ng mga iginigiit na reporma. Kabigin ang malaking bahagi ng mamamayan, lalo na ng mga masang anak-pawis na patuloy na nalilinlang ng kampong Estrada sa islogang "Erap para sa mahirap". Ituon sa paglaban sa naghaharing mapagsamantala at mapang-aping sistema sa halip na sa pagsuporta kay Estrada ang mga hinaing nilang dulot ng kahirapan, gutom at kaapihan. Patuloy na labanan ang mga sagadsaring reaksyunaryo sa hanay kapwa g mga nasa kampong Estrada at mga nakabalik sa kapangyarihan. Kaugnay nito, kailangang igiit din ang matagal nang nabalahong pag-usig at pagparusa sa mga Marcos.

3 Isulong ang mga pakikibaka para sa saligan at kagyat na interes ng mamamayan, laluna ng batayang masa. Sa harap ng ibayong paglala ng krisis at kagipitan ng sitwasyon ng rehimeng Macapagal-Arroyo, ibayong titindi ang kahirapan at mga problema ng mamamayan. Ipaglaban ang pagpapatupad ng tunay at komprehensibong mga pagbabagong panlipunan alinsunod sa linya at programa ng demokratikong rebolusyong bayan. Patampukin, palawigin at igiit ang mga ito pangunahin sa pamamagitan ng mga militanteng pakikibakang masa, at gayundin sa pamamagitan ng iba pang parlamentaryong pakikibaka, usapang



pangkapayapaan at pakikibakang elektoral.

Igiit ang pagsasakatuparan ng Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Igiit ang paniningil sa mga pasistang krimen ng GRP at mga sandatahang pwersa nito at ang kaagad na pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal, at labanan ang panghihimasok ng US sa usapin. Ipaglaban din ang mga pambansa at demokratikong nilalaman ng mga panukala ng NDFP para sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER).

Puspusang ipaglaban ang mga saligang pagbabago para sa pagpuksa sa pinakaugat ng mga saligang problemang panlipunan. Labanan ang mga maniobra at maruruming taktika ng GRP sa usapan. Matyagan, ilantad at tuligsain ang mga pakana ng mga militaristang kinakandili ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Patuloy na palawakin at palakasin ang nagkakaisang prente. Sikaping mamantine at mapaunlad sa abot ng makakaya ang mga ugnay na nabuo sa kilusang protesta at pag-aalsa at magpalawak pa sa iba. Maksimisahin ang tuluytuloy na pakikipagtalastasan at konsultahan, iba't ibang tipo ng relasyong pormal at impormal, pakikipagtulungan at koordinasyong hayag at lihim

sa pinakamalawak na posibleng hanay. Palakasin ang relasyon sa pinakamalalapit at maaasahang alyado.

Gamitin ang kasalukuyang kampanyang elektoral para sa pagpapatupad ng pundamental na tungkuling ilantad ang kabulukan ng buong umiiral na sistema, estado, parlamento at maging ng reaksyunaryong halalan at ipahayag ang rebolusyonaryong



alternatiba; at para sa pagpapalawak ng pakikipagalyansa at pakikipag-ugnayan, pagpupwesto ng mga progresibo sa gubyerno at pagkakamit ng ilan pang taktikal na bentahe.

Mapangahas na palawakin at palakasin ang mga larangang gerilya, pasiglahin nang higit ang antipyudal na kilusang magsasaka at isulong ang armadong pakikibaka.

Tanging sa pamamagitan ng masiglang pagsusulong ng pakikibakang antipyudal ▶

Patuloy na dumadausdos ang pambansang ekonomya

Patuloy na nasasadlak sa malalim na krisis ang pambansang ekonomya sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Hindi mapagtakpan ng bahagyang kaluwagang dulot ng EDSA 2 ang sumisidhing krisis pang-ekonomya at ang malupit na epekto nito sa mamamayang Pilipino. Pinabubulaanan nito ang reaksyunaryong propaganda na matatag ang mga pundasyon ng ekonomya; gayundin ang propaganda ng rehimeng Macapagal-Arroyo na ang sanhi ng patuloy na pagbagsak ng ekonomya ay ang "kawalan ng tiwala" ng mga dayuhang mamumuhunan dulot ng katiwalian ng nagdaang rehimen.

Malaon nang nakabaon sa krisis ang ekonomya ng bansa.

■ makokonsolida at mapalalalim ang baseng masa ng rebolusyon sa malawak na kanayunan. Magpakahusay sa pagkukumbina ng ligal, malaligal at iligal na paraan para mapangahas na mapalawak at maisulong ang mga pakikibakang magsasaka at iba't ibang kilusang masa sa kanayunan.

Masigasig na ilatag at palakasin ang mga rekisito sa pulitika, organisasyon, militar, kultura at ekonomya para sa matatag at mas mataas pang antas ng pagsusulong ng armadong pakikibaka.

Sa bagong sitwasyon, nananatiling tungkulin ng BHB ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Kailangang bigyan ng higit na pansin ang pagpapaliwanag sa publiko ng makatarungang mga batayan at layunin ng bawat taktikal na opensiba at pagpaparusa, laluna sa malalaki at kilalang target.

6 Ibayo pang palawakin at palakasin ang rebolusyonaryo at progresibong propaganda.

Pag-ukulan ng pansin, tao at rekurso ang gawaing propaganda upang higit itong palakasin at komprehensibong pabweluhin kapwa sa lihim at hayag. Maagap na ilinaw ang pananaw ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa napapanahon at nagbabagang mga isyu at laban

mamamayan. Aktibong labanan ang propaganda ng Sistematisahin kaaway. paunlarin ang paggamit sa establisadong masmidya para sa rebolusyonaryo at progresibong propaganda. Gamitin at paunlarin ang mga popular, bago at mapanlikhang pamamaraan gaya ng mga presentasyon sa video, komiks, mga pangkulturang pagtatanghal at iba pa. Kaalinsabay, servosong paunlarin ang pagpapalawak ng abot ng propaganda at paggamit ng mga modernong pamamaraan ng komunikasyon, sa pamamagitan ng dyaryo, radyo, telebisyon, telepono, internet at iba pa. 🕮

OBALISASYON

Hindi pa ito nakababawi sa bigwas ng matinding krisis pampinansya noong 1997. Lalo pa itong inilubog ng masugid na pagsasakatuparan ng mga patakarang neoliberal ng liberalisasyon, deregulasyon, denasyunalisasyon at pribatisasyon ng mga nagdaang rehimen na naghatid ng walang kaparis na pagkawasak sa pambansang ekonomya at kahirapan at kasalatan sa mamamayang Pilipino.

Sa kabila nito, walang binabalangkas na bagong pang-ekonomyang programa ang rehimeng Macapagal-Arroyo. Ayon na rin kay Macapagal-Arroyo, ipagpapatuloy nito ang diumano'y makamahirap na programa ni Estrada sa ekonomya. Sa panahong mariing kinukundena ng mamamayan ng buong daigdig ang mga patakarang neoliberal, matigas na naninindigan ang bagong rehimen para sa "globalisasyon" at "malayang kalakalan" alinsunod sa dikta ng imperyalismong US. Hindi nalalayo ang ganitong asta sa masugid na pagsusulong at pagtataguyod ni Gloria Macapagal-Arroyo ng mga batas bago siya maging presidente.

Kauupo pa lamang ni Macapagal-Arroyo, agad nang nagbigay ng "pagtatasa" at mga "rekomendasyon" ang International Monetary Fund at World Bank sa bagong rehimen. Iniutos ng dalawang institusyon ang kagyat na pagkontrol sa dambuhalang depisit ng bansa sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga bagong buwis, ibayong pribatisasyon ng mga pampublikong korporasyon laluna sa sektor ng enerhiya at liberalisasyon sa sektor ng pagbabangko.

Nagkakandarapa ang rehimeng Macapagal-Arroyo na maipatupad ang mga diktang ito kapalit ng \$300 milyong pautang ng World Bank. Naganunsyo ito ng mga patakaran ng pagtitipid upang mabawasan ang depisit sa badyet. Minamadali na rin nito ang nakabimbing pribatisasyon ng Philippine National Bank at National Power Corporation.

Mga pangkalahatang palatandaan ng krisis

Tinatayang tataas nang hanggang 3% lamang ang gross national product at gross domestic product ng bansa para sa 2001. Ito na ang pinakamababang target sa buong Southeast Asia. Napilitang ibaba ang target mula 4.5%-5.5% dulot ng pagtumal ng

ekonomya ng US, ibayong paglubog ng ekonomya ng Japan at inaasahang pagbaba ng eksport ng mga pyesang elektronik.

Ang mga pyesang elektronik ang pangunahing re-eksport ng bansa at ang pinakamalaking pamilihan nito ay ang US. Nitong 2001, bumaba nang 13.6% ang kabuuang iniimport ng US mula sa Pilipinas na nagresulta sa 7.5% pagbagsak ng eksport ng pyesang elektronik ng bansa.

Nasa \$267 milyon (P13.35 trilyon) na ang depisit ng balance of payments (ang kabuuang balanse ng pumapasok at lumalabas na salapi sa bansa). Ibig sabihin nito, mas malaki ang kabuuang kapital na lumabas sa bansa sa pamamagitan ng kalakalan, mga remitans, transaksyon sa mga bangko at pamumuhunang tuwiran at portfolio kaysa pumasok noong nakaraang taon. Patuloy na nagbababala ang mga maka-imperyalistang ahensya laban sa pamumuhunan sa Pilipinas. Nitong unang kwarto ng 2001, umabot ng \$466.7 milyon ang

Matigas na naninindigan ang bagong rehimen para sa "globalisasyon" at "malayang kalakalan" alinsunod sa dikta ng imperyalismong US. pamumuhunang portfolio na lumabas sa bansa kontra sa \$464.7 milyon na pumasok dito (\$1.7 milyon depisit). Sangkatlo lamang ang halagang pumasok kumpara sa \$339.4 milyon noong unang kwarto ng 2000.

Tanda ng lalong pagtumal ng ekonomya ang pagbaba ng antas ng kalakalang panlabas ng Pilipinas. Sa unang kwarto

ng 2001, bumaba ito nang 7.2% kumpara sa nakaraang taon. Nagtala ng sarplas sa kalakalan (\$612 milyon o P30.6 bilyon) pero dahil lamang mas malaki ang pagbaba ng importasyon (11.7%) kaysa pagbaba ng halagang ine-eksport (3.3%). Ito ang unang pagkakataong bumagsak ang kabuuang halaga kapwa ng import at eksport. Tanda ito ng pagkalimas ng lumang imbentaryo na siyang nagtulak pataas ng halaga ng eksport sa nakaraang mga taon sa kabila ng tuluy-tuloy na pagbagsak ng mga import simula 1998.

Simula nang bumagsak ang import ng bansa,

Ang Bayan • Abril 2001 5

maraming empresa na nakaasa sa inangkat na materyales ang malawakang nagtanggal ng mga manggagawa upang umiwas sa matataas na gastos sa produksyon. Ang iba'y tuluyang nagsara. Sa harap ng tuluy-tuloy nang pagbagsak ng kalakalang panlabas sa taong ito, tiyak na dadami pa ang mga manggagawang sisipain sa trabaho at mga pabrikang magsasara.

Kasabay nito, bumaba nang 2.4% kapwa ang lokal na produksyon at kabuuang benta ng bansa. Pinakamalaking nagtala ng pagbaba ang produksyon ng pagkain, makinaryang elektrikal at mga damit. Tumaas naman nang 7.8% ang gastos sa produksyon at 10.4% ang gastos sa pagbebenta.

Nitong Pebrero 2001, umakyat sa 6.7% ang tantos ng implasyon mula 3.9% sa loob ng isang taon. Kabilang sa nagtala ng pinakamalaking pagtaas ng presyo ang LPG at gaas at mga bayarin para sa kuryente at tubig. Dagdag rito, inaasahang tataas ang presyo ng gasolina nang P0.20-0.24 kada litro sa Mayo. Patuloy ring tumaas ang presyo ng gamot at mga serbisyong pangkalusugan. Nagkakahalaga na lamang ngayon ng P0.63 ang piso noong 1994.

Nananatiling di istable ang palitang piso-dolyar. Nananatiling nasa humigit-kumulang P50 ang halaga ng piso kumpara sa dolyar sa kabila ng mga pagsisikap ng Bangko Sentral ng Pilipinas na kontrolin ang ispekulasyon dito at umakit ng bagong kapital sa pamamagitan ng relatibong mas mababang tantos ng interes.

Said na ang pondo ng reaksyunaryong gubyerno. Umaabot na sa \$52 bilyon (P2.6 trilyon) ang pangkabuuang utang ng bansa at tinatayang aabot sa P200

bilyon ang depisit sa pambansang badyet para sa taong ito. Ayon sa mga teknokrata ng gubyerno, mananatili ang taunang depisit hanggang taong 2003.

Epekto sa mamamayan

Inaamin ng rehimeng Macapagal-Arroyo na tumaas sa 11.4% mula 9.4% noong nakaraang taon ang tantos ng disempleyo (24% ng kabuuang pwersa ng paggawa). Ngunit sa katunayan, umaabot ng hanggang 50% ng kabuuang pwersa ng paggawa ang

walang trabaho at kulang sa trabaho. Dulot ito ng malawakang tanggalan sa trabaho, kawalan ng mga bagong trabaho at pleksibilisasyon ng paggawa.

Lalong pinasisidhi ng liberalisasyon ang kahirapan sa kanayunan. Patuloy ang dislokasyon ng mga magsasaka dala ng walang patumanggang pagpapalit-gamit ng lupa at pagtatambak ng mga murang produktong agrikultural mula sa ibang bansa. Bumabagsak ang presyo ng mga lokal na produktong agrikultural dahil sa sobrang pag-angkat ng murang mga produktong agrikultural. Ito ay habang tumataas ang gastos ng mga magsasaka para sa inangkat na butil at mga pestisidyo. Kamakailan, lalong bumagsak ang dati nang napakababang presyo ng lokal na palay dahil sa sobrang importasyon (mahigit 550,000 metriko tonelada). Inaprubahan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang pag-angkat sa kabila ng sapat na lokal na produksyon upang punan ang minimum access volume (pinakamababang dapat angkatin ng isang bansa) alinsunod sa General Agreement on Tariffs and Trade. Gayundin, dahil sa importasyon, mayroong sobrang suplay ng bawang, manok at iba pang pagkain.

Taliwas sa pangako ni Macapagal-Arroyo, patuloy ang tanggalan ng mga kawani ng gubyerno dulot ng pribatisasyon ng mga pampublikong korporasyon at institusyon. Nakaamba namang magtanggal ng 100,000 manggagawa ang mahigit 300 kumpanya pagpasok ng ikalawang kwarto ng taon dahil patuloy na tumataas ang gastos sa produksyon at bumabagsak ang benta. Pinakaapektado ang mga manggagawa sa sektor ng elektroniks. Nagbanta rin ang mga pribadong kumpanya na nasa *public utilities* na magtatanggal ng mga manggagawa kung hindi pagbibigyan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang kanilang kahilingang itaas ang presyo ng kanilang mga serbisyo.

Nananatiling nakapako sa P250 ang minimum na sahod, samantalang mahigit pa sa P418 (P501 sa Metro Manila) kada araw ang kinakailangan ng isang anim-kataong pamilya upang disenteng makapamuhay. Hanggang sa ngayon, hindi dinidinig ang iginigiit na P125 dagdag sa sahod ng mga manggagawa at P2,500 para sa mga kawani ng gubyerno. Binabalak pa ng rehimeng Macapagal- ▶


◆ Arroyo na kaltasan ang kanilang napakababa nang sahod at sweldo sa pamamagitan ng pagpapataw ng hanggang 12% pagtaas ng obligasyong kontribusyon sa SSS at GSIS.

HANGGA'T PALASUNOD ANG REHIMENG Macapagal-Arroyo sa dikta ng imperyalistang amo nito na ipatupad ang patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon, tiyak na titindi pa ang krisis sa ekonomya. Upang bigyang-kaluwagan ang mga dayuhang kapitalista at ang naghaharing uri, tiyak din na ipapasa ng rehimen ang mabibigat na pasanin ng krisis sa mamamayan.

Kung kayat lalong nagiging kagyat ang pagsusulong ng mga pang-ekonomyang pakikabaka para maibsan ang dinaranas na kahirapan at kasalatan ng masa ng sambayanan at maipagtanggol ang kanilang kabuhayan at mga karapatan. Kailangang paigtingin ang pakikibaka laban sa malawakang tanggalan, kontraktwalisasyon at kaswalisasyon na umaatake sa trabaho at mga karapatan ng mga manggagawa. Kailangan ding lalo pang palakasin ang paglaban sa pribatisasyon ng pampublikong sektor. Lalong nagiging makatarungan ang paggigiit para sa karagdagang sahod ng mga manggagawa at mga kawani ng gubyerno.

Sa kanayunan, kailangang patuloy na palakasin ang pakikibaka laban sa malawakang pagpapalitgamit ng lupa at liberalisasyon sa agrikultura. Higit dito, kailangang patuloy na ipaglaban ang tunay na reporma sa lupa upang tuluy-tuloy nang maiangat ng mga magsasaka ang kanilang kabuhayan.

Tunggalian at aregluhan sa hanay ng naghaharing uri



Bunga ng puspusang paggigiit ng iba't ibang mga demokratikong sektor, ibinilanggo ng rehimeng Macapagal-Arroyo si Joseph Estrada. Nakatakda ngayong harapin ni Estrada ang kaso ng pandarambong sa Sandiganbayan. Gayunpaman, nasa kamay pa rin ni Estrada ang napakalaking rekurso upang isagawa ang mga ligal at pampulitikang maniobra upang makatakas sa kaparusahan.

Higit saanpaman, nakasalalay sa militanteng pagkilos ng mamamayan ang pagtitiyak na mananatili sa bilangguan, tuluy-tuloy na uusigin, lilitisin at parurusahan si Estrada at ang kanyang pangunahing mga kasapakat. Kailangang bantayan at labanan ang anumang hakbanging aregluhin ang mga kaso at palusutin sa parusa ang mga maysala.

Isinampa sa Sandiganbayan ang mga kaso ng pandarambong at pangungurakot matapos na maigiit ng mga militanteng organisasyon sa Korte Suprema na pagtibayin na ang pagpapatalsik kay Estrada upang sarhan siya ng pinto na

gamitin ang ligal na probisyon na nagbabawal na mademanda ang isang presidente. Bago nito, tuluytuloy na namayagpag si Estrada at ang kanyang mga alipures sa pangangampanya para sa eleksyon. Kontrolado pa rin nila ang napakalaking rekurso at may isa pa rin silang antas ng impluwensya sa reaksyunaryong burukrasya, laluna sa mga lokal na administrasyon, upang makapaglunsad ng malakas na kampanya, makapagpinansya ng mga rali, makapandaya sa eleksyon at makakuha ng pwesto.

Sa likod ng ingay na kaakibat ng pagpoproseso sa kaso ni Estrada, tahimik at isa-isa namang pinalulusot sa kaparusahan ang pinakamalalaking kroni, kasapakat at padrino ni Estrada kapalit ng mga pang-ekonomya at pampulitikang kunsesyon para sa rehimen.

Si Lucio Tan, isa sa naging pangunahing kroni ni Estrada, ay binigyang-kaluwagan sa pagbabayad ng kanyang bilyun-bilyong inutang sa Philippine National Bank (PNB), bilang paghahanda na rin sa

tuluyang pagsasapribado nito at pangungumbinsi kay Tan na ibenta ang kanyang mga sapi sa PNB para maipagbili ang bangko sa isang dayuhang bangkong nagpahayag na ng interes dito.

Noong una, kunwa'y naghahabol ang gubyerno sa P25.27-bilyong di bayad na buwis ni Tan at nag-apila sa korte na buksang muli ang ibinasura nang kaso laban sa kanya. Subalit sa isang iglap ay binawi rin ito ng rehimen sa pagsasabing handa nitong gawaran ng amnestiya maging ang mga nagkasala nang malaki sa di pagbayad ng buwis (tulad ng mga Marcos) kung makikipag-areglo ang

Kinakailangang panatilihing mataas ang militansya ng mamamayan upang tuluytuloy na itulak ang pag-usig, paglilitis at pagparusa sa pangkating Estrada at bantayan at labanan ang anumang hakbanging aregluhin ang mga kaso at palusutin sa parusa ang mga maysala.

mga ito sa pamamagitan ng pagbayad ng bahagi ng kanilang mga obligasyon.

Malaki ring salik sa malambot na pakikitungo ni Macapagal-Arroyo kay Tan ang suportang makukuha ng kanyang pangkatin mula rito at iba pang mga negosyanteng Pilipino-Tsino para sa eleksyon sa 2004. Pangunahing tagapamagitan ni Macapagal-Arroyo sa pakikipag-areglo sa mga negosyanteng Pilipino-Tsino ang kanyang asawang si Mike Arroyo.

Ang mismong padrino ni Estrada na si Eduardo "Danding" Cojuangco Jr. ay patuloy sa pakikipag-areglo sa pangkating Macapagal-Arroyo. Sa katunayan ay nagpahayag na ng suporta sa bagong gubyerno ang partido ni Cojuangco, ang Nationalist People's Coalition (NPC).

Matatandaang agad na pinanumbalik si Cojuangco ng bagong-upo noong si Estrada sa pamunuan ng San Miguel Corporation (SMC) noong 1998. Sa kasalukuyan, nagpapatuloy ang gitgitan (sa korte at labas nito) sa pagitan ni Cojuangco at ng bagong gubyerno para sa kontrol ng SMC, ang pinakamalaking korporasyong hawak ni Danding.

Nais ngayong patalsikin ng pangkating Macapagal-Arroyo ang mga kinatawang itinalaga ni Estrada (kabilang ang bayaw nito at malalapit na kaibigan) sa board of directors, palitan sila ng sariling mga tauhan at magluklok ng bagong tagapangulo. Kabilang sa mga nais iupo ni Macapagal-Arroyo sina Gen. Leo Alvez, dating hepe ng Presidential Security Group, at Renato Valencia, na dating pangulo ng Social Security System sa ilalim ng rehimeng Ramos at napipisil na bagong tserman ng SMC.

Ang hayag na taktika para maagaw ang pwesto ng tagapangulo mula kay Cojuangco ay ang patuloy na pagsusulong ng gubyerno ng kaso hinggil sa pag-aari ng pondong *coconut levy* (bumubuo sa 95% ng sapi ng United Coconut Planters Bank o UCPB) na kinurakot at ipinambili ni Cojuangco sa 27% sapi ng SMC. Oras na magpasya ang Korte Suprema na pag-aari ng publiko ang pondong *coconut levy*, mapupunta sa rehimen ang kontrol sa halos buong UCPB at sa

27% sapi ng SMC. Ito, kasama ang mga sapi ng SMC na hawak ng ibang mga ahensya ng gubyerno tulad ng Social Security System at Government Service Insurance System, ay sapat para patalsikin si Cojuangco at maiboto si Valencia.

Subalit hindi basta-bastang kalaban si Cojuangco. Ipinagyayabang niya na sa kanya pa rin ang simpatya ng maraming pribadong may-ari ng sapi sa SMC. Signipikante pa rin ang hawak niyang mga bloke sa pulisya, militar at burukrasyang sibil. Nananatili ang bantang destabilisasyon mula sa kanya. Subalit masyadong malaking palabigasan ang SMC para pabayaan na lamang ng pangkating Macapagal-Arroyo kay Cojuangco.

Dahil naluklok ang gubyernong Macapagal-Arroyo sa gitna ng walang kasintinding krisis, lubhang kumitid na ang mga rekursong maaaring paghatian nang mahinahon ng iba't ibang mga paksyon sa naghaharing uri. Makiki-



paglaban nang pukpukan ang bagong naghaharing pangkatin upang makuha nito ang mayor na mga pakinabang sa poder.

Kaya mabilis itong kumikilos upang nyutralisahin ang pangunahing berdugo ni Cojuangco na si Gen. Panfilo Lacson. Binuwag ni Macapagal-Arroyo ang Presidential Anti-Organized Crime Task Force (PAOCTF) at nagbantang ibubunyag ang talaan ng mga krimeng kinasangkutan nito sa ilalim ng rehimeng Estrada. Tuluy-tuloy na ring inililitaw ng gubyerno ang ebidensyang mag-uugnay kay Lacson sa pagdukot at karumal-dumal na pagpatay sa *public relations practitioner* na si Salvador Dacer at sa kanyang drayber noong Nobyembre 2000. Ibayong pinatatampok ang mga kaso laban kay Lacson habang papalapit ang eleksyon upang hindi na muli itong makapwesto.

Sa likod rin ng lahat ng ito, may nilulutong areglo ang gubyerno na nag-aalok kay Cojuangco ng 20% pag-aari ng pinagtatalunang mga sapi ng UCPB at SMC kapalit ng pagkopo ng rehimen ng

nalalabing 80%. Sa kasalukuyan, matigas itong tinututulan ni Cojuangco.

Samantala, habang may presyur kay Cojuangco hinggil sa SMC ay pumayag na si Macapagal-Arroyo sa ilang mas menor na kunsesyon na inialok ni Cojuangco tulad ng pagsasanib ng naghaharing Lakas-NUCD sa NPC. Kasalukuyang



kandidato sa pagka-kongresman sa Pangasinan ang anak ni Danding na si Marcos Cojuangco sa ilalim ng bandila ng Lakas-NPC. Nabunyag din kamakailan ang alyansa ng Lakas at United Negros Alliance (o UNA, partido ni Danding

sa Negros) nang mabalita ang pamumudmod ng pera sa mga kandidato kapwa ng Lakas at UNA ni Ignacio Arroyo, bayaw ni Gloria Macapagal-Arroyo at pinuno ng Lakas-NUCD sa Kanlurang Kabisayaan.

May isang antas na rin ng pakikipag-areglo sa kinamumuhiang mga Marcos ang rehimeng Macapagal-Arroyo. Si Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ay muling tumatakbo sa pagkagubernador ng Ilocos Norte sa ilalim ng bandila ng Lakas-Kilusang Bagong Lipunan.

Samantala, si Gen. Angelo Reyes, dating hepe ng AFP sa ilalim ng rehimeng Estrada, ay pinanatili ni Macapagal-Arroyo sa pwesto at kalauna'y itinalagang kalihim sa depensa.

Ibinalik naman kay Gen. Jose Calimlim, dating *deputy chief of staff*, hepe ng paniktik ng AFP at ng Presidential Security Command ang pamumuno sa Task Force Aduana at ang kaakibat nitong oportunidad para kumita nang malaki sa ismagling.

Unti-unti nang nagkakahugis ang mukha ng kroni-ismo sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Magpapatuloy at iigting pa ang mga kontradiksyon, paghahabol ng mga kunsesyon at mga aregluhan sa hanay ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri laluna't nasa proseso pa rin ng pagkokonsolida ang bagong naghaharing pangkatin.

Ang Bayan • Abril 2001 9

Mainit ang pagtanggap ng mamamayan sa pag-aresto kay Estrada

HINDI TITIGIL ANG

MILITANTENG PAGKILOS

NG MAMAMAYAN

HANGGAT HINDI

NATATAMO ANG LUBOS

NA KATARUNGAN PARA

Pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal Pambansang Tagapagsalita Partido Komunista ng Pilipinas Abril 26, 2001



Ang pag-aresto at pagbilanggo ngayon kay Estrada ay mainit na tinatanggap ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayang Pilipino.

Isa itong tagumpay ng malawak na demokratikong kilusang masa na hindi tumigil sa pagpapatalsik lamang sa rehimeng Estrada. Puspusan nitong ipinagpatuloy ang paggigiit ng pag-aresto, paguusig, paglilitis at pagpaparusa kay Estrada at sa kanyang mga mayor na kasapakat. Nakamit ang tagumpay na ito sa kabila

ng pagsisikap ng ilang kampo sa loob ng rehimeng Macapagal-Arroyo na bigyangakomodasyon si Estrada.

Ginagamit SA MGA BIKTIMA NG ngayon ni Estrada KANYANG REHIMEN. ang lahat ng ligal na taktika upang mabigyan siya ng mga m ng mga espesyal na pribilehiyo manggagat konsesyon. Kailangang sakang biguin ang mga ito, panatilihing ekonomy

nakapiit si Estrada at pagkaitan

siya ng kalayaang makabwelo sa mga pailalim na maniobra. Hindi titigil ang militanteng pagkilos ng mamamayan hanggat hindi natatamo ang lubos na katarungan para sa mga biktima ng kanyang rehimen.

Kailangang ilantad ang panlilinlang ng mga lider ng mga grupong pinopondohan ni Estrada. Ginagamit ng mga ito ang demagohikong panlolokong "mahirap laban sa mayaman" upang mang-upat ng kaguluhan sa mga lansangan. Kabigin ang

> masang biktima ng panlilinlang na ito. Importanteng ipakita ang mga krimen ni Estrada laban sa masang anakpawis, laluna ang ginawa nitong pagpapayaman sa sariliatpagpapatupad

ng mga maka-imperyalista, antimanggagawa at anti-magsasakang mga patakaran sa ekonomya.

Gayundin, kailangang ipag-

patuloy ng mamamayan ang militanteng paglaban upang maparusahan pandarambong at iba pang krimen ng iba pang mayor na kasapakat ni Estrada na kasalukuyang binibigyangakomodasyon ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Kailangan ding muling bigyang-pansin ang pakikibaka upang arestuhin, usigin at parusahan ang mga Marcos.

Kaugnay nito, mahigpit na susubaybayan at babantayan ng mamamayan ang proseso ng pag-uusig at paglilitis hanggang maparusahan si Estrada at mga kasapakat niya. Tututulan at tutuligsain ng mamamayan ang lahat ng mga gagawing pakikipagkumpromiso at akomodasyon para palusutin ang mga kriminal at lapastanganin ang hustisyang iginigiit ng mamamayan.

Kung hindi maipatutupad ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang katarungan, kakamtin ito sa ilalim ng demokratikong pamahalaang bayan.

NAGPAPATULOY ANG PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO

a kabila ng bukambibig nitong kapayapaan, nagpapatuloy ang lansa-kang paglabag sa mga karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo. Patuloy na namiminsala ang kontra-rebolusyonaryong digma sa kumpas ng mga militarista sa loob ng rehimen.

Walang puknat ang mga mapanalantang kontra-rebolusyonaryong operasyong militar sa kanayunan. Nadaragdagan ang bilang ng mga pamilyang magsasaka na binibiktima at lalong pinahihirapan ng mga ito. Nagpapatuloy din ang malupit na pagsupil sa mga karapatan ng mga manggagawa.

Ang sumusunod ay ilan sa mga naitalang kaso ng paglabag sa karapatang tao, sa unang isandaang araw ng rehimeng Macapagal-Arroyo na walang pinag-iba sa mga nagdaang rehimen:

Abril. Sapilitang pagpapalikas sa daandaang pamilya sa Basilan, Sulu at Tawi-tawi habang inilulunsad ng may 3,000 tropa

ng AFP ang todong digma laban sa bandidong Abu Sayyaf. Ang mga paglabag sa mga karapatang-tao ng mamamayan sa mga naturang lugar ay hindi na napatlangan sapul pa nang digmain ng pinatalsik na rehimeng



Estrada noong Setyembre 2000 ang mamamayang Moro. Pinasasahol pa ito ng pandarahas na kaakibat ng idineklarang todong digma ng rehimeng Macapagal-Arroyo laban sa bandidong Abu Sayyaf nitong Abril.

Pebrero 23: Pamamaril na nakasugat at/ o nakapatay ng mahigit 60 inosenteng sibilyan sa Talipao, Sulu; pagsunog sa may 15 bahay sa nasabing bayan, pagsira at/ o pagnakaw sa ariarian ng mga tagabaryo; pagputol ng mga puno ng niyog at pagsira sa iba pang pinagkukunan ng

kabuhayan ng mamamayan.

Sa Patikul, Sulu, 30-minutong pamamaril ng dalawang platun ng Scout Rangers sa 10



bahay kung saan nasugatan ang tatlong sibilyan; pagdukot at pag-interoga kay Sabir Omar Habibulla na pinagbintangang kumakanlong sa Abu Sayyaf. Sapilitang ipinaaamin sa kanya na ang mga inosenteng sibilyang

nasugatan sa pangyayari ay pawang mga myembro ng Abu Sayyaf.

Enero 23: Walang pakundangang pamamaril ng 77th IB sa mga residente ng Barangay Tayagan, Parang, Sulu, habang tinutugis umano ang bandidong Abu Sayyaf. Nagresulta ito sa pagkamatay ng dalawang sibilyan at pagkasugat ng isang batang pipi.

Abril 18. Iligal na pagdakip ng AFP sa siyam na inosenteng magsasaka sa Mt. Tag-ao sa Sityo Agcawan, Barangay Bungsu-an, Dumarao, Capiz; pagpapalabas na sila ay mga Pulang mandirigma at pagsampa ng mga gawa-gawang kaso laban sa kanila. Kinabukasan, pinasinungalingan ng Norlito Aguirre Command ng BHB-Capiz na mga myembro ng BHB ang mga hinuli.

Abril 15. Pagpatay ng isang pulis kay Ramon "Bong" Ternida, 20 taong gulang, tagapangulo ng Anakbayan at Bayan Muna *coordinator* sa Oriental Mindoro. Sinaksak si Terrida siyam na araw pagkatapos niyang tumulong sa pagpapalaya ng POW na si Maj. Noel Buan.

Marso 31-Abril 2. Sapilitang pagpapalabas at pagpapahirap ng mga sundalo ng 30th Special Forces at 60th IB (tropang responsable sa masaker sa Mawab noong 1999) sa mga kalalakihan sa Km 28, Aliwagwag, Cateel, Davao Oriental bilang bulag na pagganti sa pagkamatay ng isa nilang katropa sa pananambang ng BHB. Ibinilad ang mga kalalakihan sa araw, pinagsisipa, pinagsusuntok

at pinagpapalo ng dos por dos upang paaminin silang mga kasapi ng BHB. Matapos nito, binomba noong madaling-araw ng Abril 1 ang Mt. Tambayong ng Spur 2, karatig ng Km 28 at pinagbawalan ang mahigit 17 pamilya na lumabas sa kanilang mga bahay hanggang tanghali ng Abril 2 kahit upang bumili lamang ng pagkain.

Marso 9. Pagdukot ng mga ahente ng militar kay Christopher Chielo Suelo, isang lider ng Pagkakaisa't Ugnayan ng Magbubukid sa Laguna (Pumalag) bandang alas 12:30 ng tanghali malapit sa upisina ng National Irrigation Administration sa Barangay Sta.Clara Sur, Pila, Laguna. Malisyosong inaakusahan ng militar ang Pumalag na isang prenteng organisasyon ng BHB.

Marso 5 at 9. Pagdemolis ng Task Force COPRISS (Control Prevention and Removal of Illegal Structures and Squatting) ng pamahalaan ng Quezon City at PNP sa bahay ng may

50 pamilya sa Old Samson Road. Hindi nag-alok kahit ng temporaryong masisilungan ang mga nandemolis. Nawalan ng matutuluyan ang mga pamilya. Dahil walang ibang mapaglagyan kundi sa tanging



natitirang pag-aaring mga kariton, namatay sa tigdas ang apat na batang sina Roselyn Marabot, 10, Roselle Marabot, 5, Rosalinda Marabot, 2, Jessica Catindoy, isang taon at dalawang buwan at isa pang bata.

Marso 8. Pagdukot at tatlong araw na iligal na pagbimbin ng pitong naka-sibilyang pulis kina Vilma de la Cruz at Rod Viray, mga lider ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) sa Bataan, bandang alas-3 ng hapon. Pinalalabas ni Supt. Arnold Gunacao, hepe sa paniktik ng Bataan-PNP na sila'y dinakip sa kasong iligal na pag-iingat ng armas.

Paggamit ng *water cannon* at pambabatuta ng pulisya ng Clark Development Corporation at Yokohama Tire Philippines Inc. (YTPI) sa mahigit 120 nagpipiket na manggagawa ng YTPI. Mahigit 30 manggagawa ang nasugatan sa marahas na pambubuwag. Nagpiket ang mga manggagawa laban sa pamamalakad ng kumpanya.

Noon ding **Marso 8.** Pagsuspinde sa 19 na lider-estudyante ng UPLB, pagkandado sa upisina ng University Student Council matapos na pamunuan ang pakikibaka ng mga mag-aaral laban sa pagpapatalsik mula sa isang dormitoryo ng mga estudyante.



Marso 6-8. Pananakot at pananakit ng 30th Scout Rangers Company sa mga residente ng Sityo Oblian, Barangay San Marcelino, General Nakar, Quezon; pang-iinteroga at

sapilitang pagpapagiya sa dalawang magsasaka; panghahalughog at pagnanakaw sa ari-arian ng mga tagabaryo. Ito'y bago ilunsad ang nabigong *rescue operation* na pumatay sa bihag ng digma ng BHB na si P/CInsp. Abelardo Martin.

Marso 1. Pananalakay at panghahalughog ng mga tropa ng 24th IB at Pampanga-PNP sa mga bahay ng pinaghihinalaang mga tagasuporta ng BHB sa Barangay Culabasa, Mexico, Pampanga. Tinakpan ng mga pasista ang kanilang mga pangalan at *badge*.

Pebrero-Marso. Pagbara ng mga militarista gava ni Gen. Renato De Villa sa itinakda na umanong pagpapalaya ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga bilanggong pulitikal; tuluytuloy na pagtanggal ng mga pangalan sa listahan ng iilampung palalayain at patuloy na pagbimbin sa mahigit pa ring 200 detenidong pulitikal, kabilang na sina Leoncio Pitao at Lorna Baba. Gayundin, lantaran nang tinanggihan ng rehimen ang pagpapalaya kina Donato Continente at Juanito Itaas na ilang beses nang ginawaran ng parole. Katunayan, ayon sa GRP, "hindi maaaring labagin ang dati nang komitment ng GRP sa US" na mananatili sa piitan ang dalawang detenido at patuloy na ibinibimbin ayon sa utos ng imperyalismong US. AB

Pagsasamantala sa likod ng "tulong pangkaunlaran"



Isa sa mga "tulong pangkaunlaran" na nanlilinlang at nagsasamantala sa mamamayan sa Cordillera ang Central Cordillera Agricultural Programme o CECAP. Ibayong pagkalugmok sa kahirapan ang hatid ng programang ito na taliwas sa sinasabi nitong pag-angat ng kabuhayan ng mga mamamayan.

Ang CECAP ay bahagi ng mas malaking disenyo ng European Union (EU) sa pagtataguyod ng pang-ekonomya at pampulitikang interes nito sa bansa.

Sinimulang ipatupad ang CECAP sa panahon ng rehimeng Aquino, nagpatuloy sa ilalim ng mga rehimeng Ramos at Estrada at hanggang sa kasalukuyang administrasyon. Pinaglaanan ito ng pondong inutang sa IMF-World Bank. Umabot sa P32 milyon ang winaldas dito ng rehimeng Aquino at P148.5 milyon naman ng rehimeng Ramos. Walang ipinakikitang hakbang ang rehimeng Macapagal-Arroyo upang patigilin ang mga operasyon ng mga anti-mamamayang programang tulad nito.

Katulad ng iba pang mga programang dala ng mga imperyalista, nakakonteksto ang CECAP

sa kontra-rebolusyunaryong programa ng reaksyunaryong gubyerno. Ipinatutupad ito bilang *psywar* laban sa masa at kontra-propaganda sa rebolusyunaryong kilusan. Sinisikap ng mga programang tulad ng CECAP na buhusan ng malamig na tubig ang maalab na adhikain ng mamamayan para sa makabuluhang pangekonomyang-pagbabago. Sakop ng mga operasyon at proyekto nito ang mga prubinsya ng Abra, Ifugao, Kalinga at Mountain Province.

Pagpapatindi ng malapyudal na pagsasamantala

Layunin ng CECAP na palaganapin at paunlarin ang komersyal na agrikultura sa mga komunidad ng Cordillera. Ibayo nitong iginagapos ang tradisyunal na agrikultura

ng Cordillera sa ekonomyang nakabatay-sa-salapi *(cash-based)* at di maisusustine. Layunin ng CECAP na palitan ang mga katutubong pananim at gawing tambakan ng abono at pestisidyo na gawa ng mga imperyalistang kumpanyang Europeo ang mga komunidad sa Cordillera.

Malawakang pinapalitan ng mga komersyal na binhi ang mga tradisyunal na palay. Bukod rito, isinagawa ang malawakang kumbersyon ng mga palayan patungong komersyal na gulayan at taniman ng mga prutas na nagbunga sa pagbagsak ng produksyon ng palay.

Ginamit ding lunsaran ng eksperimento ng mga bagong binhi na galing sa Ireland at Germany ang Cordillera upang iiwas sa masasamang resulta ang mga pananim sa Europa. Nagpalaganap ito ng sakit at peste sa Benguet, Ifugao at Mountain Province at nagresulta sa pagkawasak ng mga lokal na pananim at sa pagkalugi ng mga magsasaka.

Inilalatag ng CECAP ang isang sistemang pampinansya sa kanayunan, *network* ng mga grupo sa produksyon at *network* ng pamilihan

Ibayong iginagapos ng CECAP ang tradisyunal na agrikultura ng Cordillera sa ekonomyang nakabatay-sasalapi (cashbased) at di maisusustine.

na binubuo ng mga lokal na komersyante at mga piling kooperatiba.

Ang mga kooperatibang itinatatag ng CECAP sa mga baryo ay ipinaiilalim lahat sa itinatayo rin nitong mga *mother cooperative* mula antas bayan hanggang antas prubinsya. Hinihimok din nitong magpailalim sa kanilang mga *mother cooperative* ang mga

nadadatnan nilang kooperatiba sa baryo. Bilang pang-akit, pinauutang nila ang mga binubuo at iniimbitang kooperatiba sa baryo. Obligadong sa mga *mother cooperative* lamang ng CECAP bumili ang hawak nilang mga kooperatiba ng mga produkto, sa presyong idinidikta ng CECAP.

Bumubuo rin ang CECAP ng mga savings and loan group (SLG) na bawat isa ay may lima hanggang 10 kasapi. Nakapaloob ang mga SLG sa kooperatiba ng CECAP sa baryo kung saan idinedeposito ang perang inihulog ng mga kasapi at kung saan din sila humihiram ng pera. Pang-akit ng SLG sa mga mamamayan ng Cordillera na maaari raw makahiram ang mga myembro ng doble ng halagang naimpok nila rito.

Obligadong maghulog ng P50 bilang butaw at ng regular na impok na P5-20 kada linggo ang kasapian ng mga grupong ito. Kapag umutang ang isang myembro, 15% ang kaagad na kinakaltas dito para sa taunang interes, bayad-serbisyo at sa "pondong pang-emergency". Kung tutuusin, 30% ang interes dahil karaniwa'y kalahati ng inuutang na halaga ng bawat myembro ay perang nauna na niyang naihulog sa SLG. Dagdag pa rito ang 2% buwanang multa sa mga hindi kaagad makapagbayad ng amortisasyon. Kailangang bayaran ang utang sa loob ng 50 linggo. Kolateral ng mga myembro sa pag-utang ng kapital sa kooperatiba ang kanilang mga pananim.

Kapag nabuwag ang SLG, magiging pag-aari na ng CECAP at ng kooperatiba ang kabuuang naimpok na "pondong pang-emergency" ng mga kasapi.

Upang matiyak na makakamal ng CECAP

ang tubo sa perang galing sa mga SLG, ginawa nilang utang ng buong grupo ang utang ng bawat kasapi. Kapag lumampas sa tatlong buwan na hindi nababayaran ng kasapi ang kanyang utang, ibabawas ito sa "pondong pang-emergency" ng SLG. Kung kulang ang pondong ito para sa utang, ibabawas sa kabuuang naimpok ng grupo ang utang ng isa. Nagdudulot ito ng mga alitan sa hanay ng mga myembro.

Maliban sa SLG, itinayo rin ang mga grupo sa produksyon. Kinundisyon ang mga kasapi nito na magtanim ng mga ipinasok na komersyal na pananim at inobliga silang gumamit ng mga itinakda ng CECAP na komersyal na abono at pestisidyo.

Malawakang korupsyon

Isang pangunahing pinanggagalingan ng korupsyon sa CECAP ay ang malaking komisyon ng mga tagapangasiwa nito sa pagbebenta ng mga komersyal na abono at pestisidyo sa mga komunidad kasabay ng pagpapasok nila ng mga bagong binhi. Isa pa ang malaking tubo sa pagsusuplay ng mga bilihin sa hawak nilang mga kooperatiba sa pamamagitan ng mga mother cooperative. Kapag nagpapasok sila ng mga proyekto sa pag-aalaga ng mga hayop, tulad ng manok at kambing, inoobliga rin nilang tumanggap ang mamamayan ng ayudang teknikal mula sa CECAP. May nakalaang pondo para sa ayudang teknikal subalit sinisingil pa rin ang mga nakatatanggap ng gayong tulong dahil madalas na kinukupit ng mga nangangasiwa ang nakalaang pondo.

Batbat din ng korupsyon ang konstruksyon ng mga imprastrukturang itinatayo ng CECAP sa mga baryo, tulad ng ilang foot bridges at farm-to-market roads, loading platforms, trading stations, at mga istruktura para sa pagsasalansan ng mga produkto (baggage decks) sa tabi ng mga kalsada. Walang ibinibigay na sahod at pagkain sa masang naghahakot ng mga materyales papasok sa mga mabundok na lugar at nagtatrabaho sa mga proyektong imprastruktura. Ito'y sa kabila ng malaking badyet na nakalaan para rito. Ang mga diumano'y nagastos dito ay isinasama pa rin sa mga pampinansyang report ng mga nangangasiwa sa CECAP.

Malaganap ang pagnanakaw ng mga nangangasiwa sa CECAP sa mga materyales sa konstruksyon at ang pangungupit sa pamimili ng mga ito. Halimbawa, ang presyo ng semento ay pinapatungan ng P30 bawat bag sa tinatagurian na ng mga tindahan ng hardware na "CECAP pricing". Talo pa nito nang tatlong ulit ang tinatawag nilang "DPWH pricing" na P10 patong sa bawat bag ng semento. Hindi rin iilang burukrata ang nakikinabang sa pagkamal ng pondo mula sa mga proyekto ng CECAP sa pamamagitan ng pakikipagsabwatan at mga maniobra.

Labanan ang CECAP at iba pang katulad na programa!

Panlilinlang, higit na pagpapatindi ng pagsasamantalang malapyudal, pagkakasira ng balansyado at agrikulturang kayang isustine (sustainable agriculture) ng mga mamamayan sa Cordillera at pangungurakot ng mga tagapangasiwa ang pangunahing maaasahan ng mga magsasaka sa Cordillera mula sa CECAP. Dapat puspusang ilantad na ang tunay na layunin ng CECAP ay hindi ang pag-angat ng kabuhayan ng mga mamamayan sa Cordillera kundi

ang pagtataguyod sa interes ng mga imperyalista sa Europe.

Sa harap ng pagsasamantala at panloloko nito at ng iba pang programang tulad ng Cordillera Highland Agricultural Resource Management (CHARM) at Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (CIDSS), nararapat lamang na palakasin ng mamamayan sa Cordillera ang kanilang pagkakaisa at pataasin ang kanilang militansya upang epektibong malabanan ang mga ito.

Kailangang ipagpatuloy at palawakin ang mga nasimulan nang pakikibaka ng mamamayan sa ilang lugar sa Cordillera laban sa mga programang nabanggit.

Nararapat na ilantad ang pakikipagsabwatan

Maj. Noel Buan

Bihag ng digma, pinalaya ng BHB



Ligtas at maayos na pinalaya ng Bagong Hukbong Bayan ang bihag ng digma na si Army Maj. Noel Buan noong Abril 6 sa Mansalay, Oriental Mindoro.

Si Buan ay inaresto ng BHB noong Hulyo 7, 1999 sa Lucena, Quezon nang siya'y pangalawang upisyal sa paniktik o AC2 ng Southern Luzon Command. Noong ▶

sa mga pasimuno ng mga programang ito ng malalaking burgesyang kumprador at ng reaksyunaryong gubyerno sa pamamagitan ng mga ahensya nito. Kailangan ding ilantad ang korupsyon sa mga operasyon nito pati na ang masasamang epekto sa kalikasan at kalusugan ng mga abono at pestisidyong ipinapasok ng mga ito sa bansa.

Habang nananatili ang bulok na naghaharing sistema, patuloy na magsusulputan ang mga programang anti-mamamayan. Walang ibang tunay na kakalag sa pagkagapos ng mamamayan sa pangaapi at pagsasamantala kundi ang pagkakamit ng mga saligang pagbabagong pangekonomya at pampulitika sa pamamagitan ng paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan.

■ Oktubre, 1999, dinakip ng Melito Glor Command (MGC) si Buan sa kasong aktibong partisipasyon sa mga kontra-rebolusyonaryong kampanya at operasyon ng reaksyunaryong AFP at sa mga krimeng kaakibat nito.

Ipinasya siyang palayain bilang makataong hakbangin at sa harap ng kahilingan ng Humanitarian and Peace Mission, mga kamag-anak ni Buan at iba pang grupo at personahe. Ito ay mahusay na paggamit ng pampulitikang kapangyarihan at awtoridad ng demokratikong gubyernong bayan. Isa rin itong hakbang na nagpapakita ng sinseridad ng rebolusyonaryong kilusan sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan.

Noong Abril 6, ipinasa ng MGC si Buan sa International Committee of the Red Cross at mga kinatawan ng Humanitarian and Peace Mission, Public Interest Law Center at GRP Negotiating Panel . Magkakapit-bisig, tinungo nila, kasama sina Kasamang Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido at Kasamang Tirso "Ka Bart" Alcantara, tagapagsalita ng MGC, ang pinaghihintayan ng pamilya't mga kamag-anak ng bihag ng digma.

Pagkatapos nito, nagpahayag ng kagalakan si Sen. Loren Legarda, myembro ng *peace mission*, sa matagumpay na pagpapalaya kay Buan. Si Buan naman at ang kanyang pamilya ay nagpasalamat sa lahat ng nag-asikaso sa pagpapalaya sa kanya.

Ipinahayag naman ni Ka Roger at ng iba pang lider ng Partido at rebolusyonaryong kilusan, na mainam din kung palalayain na ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang mga bilanggong pulitikal na nananatiling nakapiit sa iba't ibang dako ng bansa.

Nagpaabot ng pagbati ang National Democratic Front of the Philippines sa pamamagitan nina Kasamang Luis Jalandoni at Jose Maria Sison sa Partido, Hukbo at lahat ng iba pang grupong imbwelto sa pagpapalaya. Anila, ang pagpapalaya kay Buan ay dagdag na patunay sa *status of belligerency* ng rebolusyonaryong kilusan. Sa loob ng 22 buwan ay napatunayan nito ang kakayahang mangalaga ng bihag ng digma, tratuhin siya nang makatao at igalang ang karapatang-tao niya.

Sa loob ng 22 buwan ay napatunayan NG rebolusyonaryong kilusan ang kakayahang mangalaga ng bihag ng digma, tratuhin siya nang makatao at igalang ang karapatangtao niya.

Umaasa rin silang ibayong huhusay ang kundisyon para sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP.

NAGTAYO NG TSEKPOYNT ANG MGC-BHB upang tiyakin ang maayos na pagpasa kay Buan sa kanyang mga kapamilya.

Naglabas din ang MGC-BHB ng mga pass para sa mga kagawad ng midya at iba pang personahe na lumahok sa okasyon ng pagpapalaya.

Mga paglabag sa SOMO at SOPO

BILANG KUNDISYON PARA SA MAAYOS NA PAGPAPALAYA sa bihag ng digma na si Maj. Noel Buan, idineklara ng GRP ang suspension of offensive military operations (SOMO) at suspension of offensive police operations (SOPO) para na rin sa ligtas na pagkalas ng custodial force ng BHB.

Subalit ayon sa pahayag ni Ka Bart noong Marso 26, lansakan pa ring nilabag ng AFP at PNP ang kanilang sariling mga SOMO at SOPO. Ani Ka Bart, "Hindi pa rin natuto ang militar at pulis sa bigong *rescue operation* sa Gen. Nakar, Quezon na pumatay sa bihag ng digma na si P/CInsp. Abelardo Martin.

Noong Marso 19 at 23, naglunsad ng mga operasyon at roving checkpoints ang Special Action Force sa mga bayan ng Roxas at Victoria, Oriental Mindoro. Hanggang matapos ang Marso ay nagpapatuloy pa rin ang mga operasyong militar sa mga bayan ng Roxas, Mansalay at Bulalacao.

Sa Batulao, Batangas, naglunsad ng mga operasyong pangkombat at paniktik ang Philippine Marines noong Marso ▶

19. Naglunsad rin ng pinagsanib na operasyon ang militar at PNP sa bayan ng Lobo noong Marso 6. Tuluy-tuloy pa rin ang operasyong militar sa Nasugbu.

Ayon pa sa pahayag, aktibo rin ang 76th IB sa bayan ng Macalelon at iba pang bahagi ng Timog Quezon mula Marso 17-19. Sa mga bayan naman ng Lopez, Sariaya, Mauban at Unisan ay hindi pa rin itinigil ng militar ang pag-ooperasyon.

Dahil sa lantarang paglabag ng AFP at PNP sa idineklara nilang SOMO at SOPO laluna noong Marso, iginiit ng PKP/BHB/NDFP na tiyakin ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang sumusunod:

a. Pananatili sa baraks ng lahat ng SAF ng PNP sa Bulalacao, Oriental Mindoro; San Mariano, Roxas; San Antonio at Cagulong, Mansalay;

b. Pagtanggal ng lahat ng tsekpoynt ng mga yunit ng RSAF mula Puerto Galera hanggang Bulalacao

k. Pagpapanatili sa Calapan o Maynila ng lahat ng elemento ng Military Intelligence Tactical Unit (MITU) ng AFP sa Mindoro Oriental.

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



CELL SITE SA DANAO, INATAKE NG BHB

Inatake ng mga Pulang mandirigma

ang cell site ng Smart Telecommunications sa Barangay Looc, Danao City nitong Abril 21. Ayon sa isang liham mula kay Hans Agricola, upisyal sa impormasyon ng National Democratic Front, binomba ng apatkataong tim ng Jovito Plaza Brigade ang gwardyahan ng cellsite bilang parusa sa Smart sa di pagbayad ng rebolusyonaryong buwis.

STA. TERESITA FARM, SINALAKAY NG BHB

Matagumpay na sinalakay nitong Abril 20 ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ang Sta. Teresita Farm sa Tagkawayan, Quezon. Sa naturang reyd, nasamsam ng laking-iskwad na grupo ng BHB ang tatlong matataas na kalibreng armas at dalawang ICOM na radyo.

CAFGU, PINARUSAHAN

Pinarusahan ng BHB si Ezequiel Pimentel, 44, sa Maddela, Quirino noong Abril 16. Isa siyang pusakal na myembro ng Citizens Armed Forces Geographical Unit at may mga kaso ng pang-aabuso laban sa mamamayan.

ABUSADONG UPISYAL NG PNP-CPD, GINAWARAN NG REBOLUSYONARYONG HUSTISYA

Ginawaran ng Melito Glor Command (MGC) ng BHB-Timog Katagalugan ng parusang kamatayan si Chief Insp. Marcelo Velasco, upisyal ng Central Police District ng Quezon City noong Abril 11. Pinarusahan si Velasco sa Tandang Sora, lunsod ng Quezon, bandang alas-syete ng gabi.

Ayon sa isang pahayag ni Tirso "Ka Bart" Alcantara, tagapagsalita ng MGC, pinarusahan ng BHB si Velasco dahil sa mahabang listahan ng kanyang mga krimen at pangaabuso laban sa mamamayan. Tugon din aniya ito sa daing ng maraming pamilya sa Tandang Sora na biniktima ni Velasco.

Kabilang sa mga krimeng binanggit ang paggahasa at pambubugbog sa ilang kababaihan. Binabantaan din ni Velasco ng kamatayan ang mga tao sa kanyang paligid. Hinahamon niya ng laban ang kanyang mga kapitbahay o di kaya'y walang pakundangang namamaril. Mangangamkam din ng lupa si Velasco. Bukod rito, protektor si Velasco ng sindikatong nagbebenta ng bawal na gamot.

Sa kaugnay na balita, pinarusahan din ng BHB ang hepe ng pulis ng Surigao City na si Senior Supt. Alberto Olario nitong Abril 23 sa Jabonga, Agusan del Norte.

TATLONG SUNDALO, SUGATAN SA PAGTAMBANG NG BHB

Tatlong sundalo ang sugatan sa pagtambang na inilunsad ng BHB sa Cateel, Davao del Sur. Nagsasagawa ng *combat patrol* ang mga sundalo nang ambusin ng mga Pulang mandirigma sa baryo ng Aliwagwag noong Abril 1.

MANERO, PARURUSAHAN NG BHB

Idineklara ng Magtanggol Roque Command ng BHB nitong unang linggo ng Abril na aarestuhin, lilitisin at parurusahan nito si Norberto Manero, pusakal na anti-komu

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



nistang kultista na pumatay kay Fr. Tulio Favali noong

1985.

Sa isang pahayag, sinabi ng naturang kumand ng BHB na hindi nito ipapasa si Manero sa mga pulis at militar sakaling ito'y madakip. Anila, aarestuhin nila si Manero at hahayaang ang masa ang magparusa sa kanya.

Lumabas ang pahayag matapos pinatakas si Manero mula sa pagkakakulong noong Marso 22.

BARANGAY KAPITAN, PINARUSAHAN

Ginawaran ng BHB ng rebolusyonaryong hustisya si Rodrigo Jandayan, barangay kapitan ng Barangay Tanod, Anda, Bohol noong Marso 25.

Ayon kay Silvino Clamucha, tagapagsalita ng National Democratic Front sa Gitnang Kabisayaan, si Jandayan ay pinarusahan ng kamatayan dahil sa mga krimen niya laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ani Kasamang Clamucha, nagsilbing espiya ng militar si Jandayan. May mga kaso rin siya ng pang-aabuso laban sa mga magsasaka at tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan.

PUSAKAL NA ASENDERO SA LEYTE, PINARUSAHAN

Sinunog ng mga Pulang mandirigma noong Marso 24 ang trak na pag-aari ni Manuel Torres, isang kilalang asendero sa Ormoc, Leyte. Ito'y matapos magmatigas si Torres na di magbayad ng rebolusyonaryong buwis.

Ang sinunog ng Reynaldo

Jorial Command na trak ay nagkakahalaga ng P350,000. Isinagawa ito sa tubuhan ni Torres sa Sityo Sumangga, Barangay Campo Lopez. Hindi sinaktan ng mga gerilya ang drayber ng trak, bagkus ay pinababa lamang ito bago sindihan ang sasakyan.

PAGPARUSA SA KAIBIGAN NI IMEE MARCOS, INAKO NG BHB

Sa isang pahayag nitong Abril, inako ng Bagong Hukbong Bayan ang pagtambang at pagpaparusa kay Celsar Bendigo at sa dalawa niyang goons sa Barangay Wagie, Leyte noong Oktuber 19, 2000. Si Bendigo ay isang negosyante at malapit na kaibigan ni Cong. Imee Marcos.

Ayon kay Ka Dadong Malaaya, tagapagsalita ng Mt. Andewin Command ng BHB-Northern Leyte, pinarusahan si Bendigo at kanyang mga kasamahan dahil sa kanilang mga krimen laban sa mga magsasaka. Kabilang dito ang pagpapalayas sa mahigit 40 pamilya mula sa isang 90-ektaryang lupa, ang pagpatay sa mga magsasaka at pamamaril sa mga komunidad-magsasaka.

Nasamsam ng BHB mula sa sasakyan ni Bendigo ang isang .45, isang *shotgun*, 1,000 bala ng armalayt at mga kagamitang pangmilitar.

Ipinagpaumanhin ng BHB ang hindi kagyat na pag-ako at pagpapaliwanag hinggil sa pagpaparusa na nagresulta sa pagbaling ng sisi sa inosenteng mamamayan. Ipinanawagan ni Ka Dadong sa mga pulis na itigil na ang paghabol sa mga pinaghihina-

laang sibilyan. Hinikayat din niya ang mga biktima ng pangaabuso ng pamilyang Bendigo na magsampa ng mga kaso laban rito.

PANAWAGAN NG GRP PARA SA "MUTUAL CEASEFIRE", TINANGGIHAN NG NDFP

"Dapat munang harapin ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP ang mga ugat ng digmaang sibil bago magkaroon ng katapusan ang armadong labanan," ani Kasamang Jose Maria Sison, *chief political consultant* ng NDFP sa isang pahayag hinggil sa pagtanggi ng rebolusyonaryong kilusan sa "indefinite nationwide mutual ceasefire" na iginigiit ng rehimeng Macapagal-Arroyo.

Ayon kay Kasamang Joma, anumang *indefinite nationwide mutual ceasefire* bago magkaroon ng mga komprehensibong kasunduan sa mga panlipunan, pangekonomya at pampulitikang pagbabago ay katumbas ng pasipikasyon o pagpapasuko sa rebolusyonaryong kilusan.

"Napakalaki ng pagkakaiba sa pagitan ng pasipikasyon at ng pakikibaka para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pagharap sa mga ugat ng digmaang sibil sa pamamagitan ng negosasyong pangkapayapaan," sabi pa ni Ka Joma. Aniya, mapasasangayon lamang ng GRP ang NDFP sa *indefinite nationwide mutual ceasefire* kung kikilanlin ng GRP ang pampulitikang awtoridad at teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan. Subalit, sa tingin

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA



niya aniya ay hindi papayag sa ganito ang GRP.

Bilang pagtatapos, ipinahayag ni Ka Joma na sasapat na sa ngayon ang mga mutual ceasefire na may partikular na layunin at saklaw, oras at lugar gaya ng ligtas at maayos na pagpapalaya ng mga bihag ng digma, pagtawid ng mga kaswalti sa lugar ng labanan, paglunsad ng mga manggagawang pangkalusugan ng bawat panig ng mga kampanyang pangkalinisan, pangkalusugan at anti-epidemya, at pagdiwang ng Pasko at bagong taon.

MGA KAGAWAD NG NDF PEACE PANEL, BUMISITA SA PILIPINAS

Mula sa The Hague, Netherlands, dumating noong Abril 8 sina Kasamang Luis Jalandoni, pinuno ng peace panel ng National Democratic Front of the Philippines, si Kasamang Antonio Zumel, senior adviser ng NDF panel, at mga kagawad ng NDF peace panel na sina Connie Ledesma at Ruth de Leon.

Narito sa bansa ang mga kagawad ng peace panel upang makipagkonsultahan sa mga kasama mula sa iba't ibang panig ng bansa. Bahagi ito ng paghahanda para sa nakatakdang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at NDFP sa Abril 27.

Kabilang sa itineraryo ng peace panel ang pagdalaw sa mga bilanggong pulitikal nitong Abril 19 at ang pagdalo sa kumperensyang pangkapayapaang idinaos nitong Abril 18. Ang naturang

kumperensya ay may temang "Solidarity for a Just and Lasting Peace". Inisponsor ito ng Catholic Bishops Conference of the Philippines at ng National Council of Churches in the Philippines.

Bukod sa mga myembro ng peace panel ng NDFP, dumalo rin dito ang peace panel ng GRP at ang iba pang mga personahe at grupo mula sa loob at labas ng bansa.

Dito, ihinapag ng NDFP ang mga iginigiit nito sa rehimeng Macapagal-Arroyo, kabilang ang kagyat na pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal at ang pagbuwag sa patakarang kontraktwalisasyon sa hanay ng paggawa. Ipinanawagan din ng NDFP ang pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa.

"KALBARYO NG MAMAMAYAN", INILUNSAD SA LAGUNA

Inilunsad ng may 250 magsasaka, mangingisda, maralitang-lunsod, taong-simbahan at iba pang militanteng grupo sa Bay, Laguna, ang "Kalbaryo ng Mamamayan sa Panahon ni Gloria" *caravan* na nagsimula noong Abril 12. Tumungong Maynila mula Calamba ang *caravan* at bumalik sa Sta. Cruz, Laguna.

Sa caravan, hinamon ng iba't ibang sektor mula sa Timog Katagalugan si Gloria Macapagal-Arroyo, gayundin si Jaime Cardinal Sin. Anila, dapat daw ay pumanig na ang mga ito sa mga magsasakang ipinaglalaban ang kanilang karapatan sa lupa, mga ilog at mga rekursong dagat, laban sa malalaking burgesyakumprador at asenderong patuloy

na yumayaman sa kapinsalaan ng mga naghihirap na pesante.

Ayon sa Katipunan ng mga Samahang Magbubukid ng Timog Katagalugan (Kasama-TK), ang mga pamilyang gaya ng mga Ayala, Zobel, Roxas, Yulo, Locsin, Cojuangco, Puyat at Sy ay nagpapasasa samantalang ang mga magsasaka ay nananatiling walang lupa, binabarat sa presyo ng kanilang mga produkto habang tuluytuloy ang implasyon, at iniipit ng mga kontra-magsasakang patakaran gaya ng ng globalisasyon, Fisheries Code, Mining Act at Agricultural Fisheries Modernization Act.

MILITANTENG CARAVAN NA ANTI-ESTRADA, INILUNSAD

Militanteng inilunsad ng malawak na nagkakaisang prente na kinabilangan ng Bayan Muna, Council for Philippine Affairs (Copa) at iba pang mga grupo't organisasyon ang isang *caravan* nitong Abril 3. Nilayon ng *caravan* na iprotesta ang pagbalam sa pag-usig sa pinatalsik na si Joseph Estrada.

Mula Maynila hanggang Baguio, itinambol ng 400-kataong caravan ang kagyat na pag-usig kay Estrada. Sa araw ding iyon, dalawang petisyon ni Estrada ang ibinasura na ng Korte Suprema. Ang unang petisyon ay humihiling na muling isaalang-alang ang desisyon ng korte na nagpwesto kay Macapagal-Arroyo sa pagkapangulo. Hinihingi naman ng pangalawang petisyon na ilibre na si Estrada mula sa anumang kasong kriminal

MGA BALITA NG PAKIKIBAKA

MGA KRIMINAL NA KANDIDATO SA ELEKSYON, PINARUSAHAN NG BHB

SA MAGKAKAHIWA-LAY NA insidente, umaabot na sa anim na alkalde at/o kandidato para sa pagka-alkalde na may mga krimen laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ang pinarusahan ng BHB. Ipinahayag ng Alfredo Cesar Command (ACC) ng BHB-Ilocos Sur nitong Abril 20, 2001 na si Teodoro Hernaez, alkalde ng Sta. Lucia, kasama ang tatlo niyang mga badigard na pulis, ay pinarusahan ng isang isparo yunit ng BHB dahil sa kanyang pagiging kronikong anti-mamamayan at kontra-rebolusyonaryo. Kinumpiska ng BHB mula sa kanila ang isang ripleng M14, isang 9mm at isang .45.

Ayon sa koresponsal ng ACC sa AB, ang pagpaparusa kay Hernaez noong Abril 18 gabi ay pagkamit ng katarungan para sa mamamayan ng Sta. Lucia na matagal nang nagdurusa sa ilalim ng kanyang pamumuno. Anang ACC, si Hernaez ay isang despotikong panginoong maylupa at warlord. Aktibo siyang nakikipagsabwatan sa mga lokal na upisyal at sa AFP at PNP upang ipahamak, ilikida at/ o pasukuin ang BHB at rebolusyonaryong mamamayan ng Sta. Lucia. Sinupil niya ang pag-oorganisa at pagkilos ng mga magsasakang nakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan.

Sinabi ng ACC na kamuhi-muhi ang pyudal na pagsasamantala ng pamilyang Hernaez mga kasama. sa "Hinuhuthot nila ang hanggang 75% ng ani ng mga kasama bilang upa. Kumokopo sila ng higanteng tubo mula sa usura at namimiga ng tributo sa mga kasama sa anyo ng gulay, prutas at di-bayad na paggawa," paliwanag ng ACC. Bukod rito'y binabarat pa umano at inaagawan ng pamilyang Hernaez ng lupa ang mga magsasaka.

Dagdag pa ng ACC, ginamit ni Hernaez ang kanyang pagiging alkalde upang payamanin ang kanyang sarili, pamilya, mga kaibigan at upang magkonsolida ng pampulitikang kapangyarihan. Pasimuno siya sa mga kriminal na aktibidad at malaking protektor ng prostitusyon, droga, jueteng at iba pa.

Pagtatapos ng ACC, maaaring matanda na si Hernaez subalit hindi na matitiis pa ng mamamayan ang isa pang araw sa kanyang kasuka-suka at sakim na buhay at pamumuno.

Sa kaugnay na balita, pinarusahan ng BHB si Oscar Turralba, kandidato sa pagkaalkalde sa La Paz, Agusan del Sur nitong Abril 21, 11:45 n. u. Pinarusahan si Turralba dahil sa kanyang mga kontra-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong aktibidad.

Si Turralba ay pangalawa na sa mga kandidato sa pagkaalkalde na ginawaran ng BHB ng rebolusyonaryong hustisya sa Agusan. Nito namang Abril 17, bandang 11:30 ng gabi, pinarusahan ng BHB ang alkalde ng Bayugan, Agusan del Sur na si Lope Asis.

Sa isang pahayag sa himpapawid, inilahad ng Nicolas Monteverde Command ng BHB-Hilagang Mindanao na si Asis ay pinarusahan sapagkat ito ay isang pusakal na *druglord* at *gun smuggler*.

Sa Kabikulan, tatlong kandidato para sa lokal na pamahalaan ang ginawaran ng rebolusyonaryong hustisva. Nitong Abril 20, bandang 9:30 n. g., pinarusahan ng Romulo Jallores Command ng BHB si Dr. Florencio Muñoz, kandidato sa pagka-alkalde ng Camalig, Albay sa ilalim ng Lakas-NUCD. Si Muñoz ay muiling kumakandidato matapos siyang halinhan ng kanyang asawa sa 25-taong pagka-alkalde Camalig. ng Pinarusahan siya ng Hukbo dahil pinakamasugid niyang sinuportahan ang pagpapatayo ng kontra-mamamayang planta ng semento sa Palanog, Albay, sa kabila ng aktibong paglaban dito ng mamamayan.

Nitong Abril 19, isang kandidato sa pagka-bokal ng Camarines Norte ang ginawaran din ng parusang kamatayan dahil sa kanyang mga kontra-rebolusyonaryong aktibidad. Si Felix Frayna naman, pusakal na kontra-mamamayang kandidato sa pagka-alkalde ng Sta. Magdalena, Sorsogon, ay pinarusahan ng BHB nitong Abril 4.